

## MGA PATNUBAY PARA SA PAGBUO NG ISANG COVID-19 SAFETY PLAN (PLANO SA KALIGTASAN) SA ACT

May-Bisa mula 6 Agosto 2020

### ***Mga Bahay-aliwan, Escort Agency at Strip Bar***

Sinulat namin ang mga patnubay na ito para sa pagbuo ng COVID Safety Plan upang makatulong sa iyo na lumikha at magpanatili ng isang ligtas na kapaligiran para sa iyong sarili, sa iyong mga manggagawa at mga kliyente.

Mangyaring gamitin ang mga patnubay na ito upang makabuo ng iyong plano sa pakikipagsanggunian sa iyong mga manggagawa, pagkatapos ay ibahagi ito sa kanila. Ito ay makakatulong upang pabagalin ang pagkalat ng COVID-19 at panatagin ang loob ng iyong mga kliyente na maaari silang ligtas na bumisita sa iyong negosyo. Maaaring kailanganin mong i-update ang plano sa hinaharap, dahil ang mga paghihigpit o mga payo ay nagbabago – maaari kang gumawa ng mga pagbabago sa plano kung ito ay nai-print o nai-save mo, o maaari mong piliin na i-download at lumikha ng bagong bersyon ng plano.

Ang mga negosyo (kabilang ang mga strip club, bahay-aliwan at escort agency) ay dapat sumunod sa kasalukuyang mga COVID-19 na Kautusan sa Pamublikong Kalusugan ng ACT (ACT COVID-19 Public Health Directions), at pamahalaan din ang mga panganib sa manggagawa at iba pang mga tao alinsunod sa mga batas sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho. Para sa karagdagang impormasyon at mga payo na partikular para sa iyong industriya, pumunta sa <https://www.covid19.act.gov.au/home>

Sinuman na dumaranas ng mga [sintomas ng COVID-19](#) ay dapat magpasuri sa isa sa sumusunod na mga lugar:

#### **Walk-in Centre ng Weston Creek**

Telepono: (02) 5124 8080

Address: 24 Parkinson Street, Weston

#### **Drive Through na Klinika sa Pagsusuri ng Respiratoryo sa Exhibition Park sa Canberra**

Address: EPIC, Flemington Road and Northbourne Avenue, Mitchell

#### **Klinika sa Respiratoryo ng Winnungah Nimmityjah**

Telepono: (02) 6284 6222

Address: 63 Boolimba Crescent, Narrabundah

#### **YourGP@Crace**

Telepono: (02) 6109 0000

Address: 1/5 Baratta Street, Crace

#### **Pagamutan (Medical practice) ng Lakeview Tuggeranong**

Telepono: (02) 6185 1986

Address: 1/216 Cowlshaw Street, Greenway

**MGA DETALYE NG NEGOSYO**

Pangalan ng negosyo:

Plano na kinumpleto ni:

Inaprobahan ng May-ari/Opereytor/Tagapamahala:

**MGA KAHINGIAN (REQUIREMENTS) PARA SA NEGOSYO**

Mga kahingian para sa iyong pinagtatrabahuhan at ang mga aksyon na iyong itatalaga sa lugar upang panatilihin ang ligtas ang iyong mga kliyente at manggagawa.

Para sa mga negosyo kung saan hindi Ingles ang unang wika, maaari mong punan ang iyong COVID-19 Safe Plan sa wika na iyong pinili.

**MGA KAHINGIAN**

*Kabutihan ng mga manggagawa at kliyente*

- **Ibukod mula sa lugar ang mga manggagawa at mga kliyente na hindi mabuti ang pakiramdam, nakaranas ng mga sintomas ng COVID-19 sa nakaraang dalawang linggo o nasuring positibo sa COVID-19 o hinihintay ang mga resulta ng pagsusuri sa COVID-19.** Magbigay sa mga manggagawa ng impormasyon at pagsasanay sa COVID-19, pati na rin kung kailan magpapasuri, pisikal na pagdistansiya at paglilinis.
- Ipaalam sa mga manggagawa ang kanilang mga karapatan sa bakasyon kung sila ay may sakit o kailangan nilang ihiwalay ang kanilang sarili.
- Magdisplay ng mga kondisyon sa pagpasok (website, social media, pasukan sa lugar).
- Tiyakin na nakatalaga ang mga COVID-19 Safety Plan, kung saan naaangkop, para sa:
  - Mga spa
  - Mga lisensiyadong bar
- Para sa mga lisensiyadong bar, ang mga kliyente ay hindi dapat patayo-tayo habang umiinom. Dapat silang manatiling nakaupo sa bar man (malayo sa lugar kung saan kumukuha ng order) o sa mesa.

**MGA KAHINGIAN**

*Pisikal na pagdistansiya*

- Ang kapasidad ay hindi dapat humigit sa isang tao sa bawat 4 na metro kuwadrado ng espasyo (hindi kasama sa bilang ang mga manggagawa).
- Limitahan ang oras sa lugar nang mas mababa sa dalawang oras at manatili sa iisang bahagi lang ng lugar hangga't maaari.
- Magtalaga ng hiwalay na mga work room o mga workstation/mga mesa para sa mga manggagawa para sa tagal ng kanilang shift, hangga't maaari.
- Iwasan ang mga serbisyo na may kasamang halik at harap-harapang ugnayan.
- Bawasan ang panggigitgitan ng mga tao hangga't maaari at itaguyod ang pisikal na pagdistansiya sa pamamagitan ng paglalagay ng mga tanda (marker) sa sahig sa mga lugar kung saan maaaring hilingan ang mga tao na pumila.

- Tiyaikin na ang pag-upo sa mga hintayang lugar (waiting areas) ay sumusunod sa pisikal na pagdistansiya na 1.5 metro, baguhin ang kaayusan kung kinakailangan. Kung ang lugar ay may maramihang hintayang kuwarto (waiting rooms), limitahan ang maaaring umokupa sa bawat kuwarto, hangga't maaari, sa isang kliyente lang sa bawat kuwarto.
- Kung maaari, tiyaikin na pinananatili ng mga manggagawa ang 1.5 metrong pisikal na pagdistansiya sa lahat ng oras, kabilang ang mga oras ng pagkain at sa mga tanggapan at mga silid-pulungan.
- Gamitin ang telepono o video para sa kailangang-kailangang mga pagpupulong hangga't maisasagawa.
- Kung makatwirang maisasagawa, iba-ibahin ang mga oras ng pagsisimula at mga pahinga para sa mga manggagawa.
- Repasuhin ang regular na mga paghahatid at humiling ng paghahatid / pag-invoice na walang pisikal na ugnayan kung maisasagawa.
- Magtalaga ng mgaistratehiya upang pamahalaan ang mga pagtitipon na maaaring mangyari kaagad sa labas ng lugar at mag-display ng angkop na karatula para sa ganoong mga pagtitipon.

## MGA KAHINGIAN

### *Kalinisan at paglilinis*

- Magpatibay at itaguyod ang mga gawi sa wastong kalinisan ng kamay para sa mga manggagawa at mga kliyente. Tiyaikin na ang mga mensahe na humihikayat sa mga kliyente na regular na maghugas ng kamay ay nakadispley sa buong lugar.
- Tiyaikin na ang mga banyo ay may sapat na suplay ng sabon sa kamay at mga tuwalyang-papel (paper towels) o mga tuyuan ng kamay (hand dryers), at maging sa mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay sa silid at idispley ang karatula ng angkop na pamamaraan ng paghuhugas ng kamay sa lahat ng mga lababo.
- Isaalang-alang ang mgaistratehiya upang mabawasan ang panganib ng pagkahawa, tulad ng pag-iwas ng mga tauhan sa harap-harapang ugnayan. Patuloy na gumamit ng mga condom, guwantes at mga dam kung angkop sa pagbibigay ng mga serbisyo.
- Tiyaikin na ang mga laruan at kagamitan sa trabaho ay nalinis gamit ang sabong panlinis at pang-disimpekta pagkatapos gamitin.
- Anumang mga ibabaw na madalas hawakan ng mga kliyente ay dapat nalinis gamit ang sabong panlinis o pang-disimpekta pagkatapos ng bawat kliyente, kabilang ang menu ng mga serbisyo. Ang mga tuwalya at mga kumot ay dapat palitan at labhan pagkatapos ng bawat kliyente.
- Tiyaikin na may hand sanitiser sa buong lugar kung walang magamit na mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay.
- Linisin ang mga bahaging may matitigas na ibabaw sa mga lugar na laging binibisita ng mga manggagawa o kliyente kahit araw-araw man lang gamit ang sabong panlinis/pang-disimpekta. Linisin ang mga bahagi at mga ibabaw na madalas hawakan nang maraming beses sa isang araw gamit ang sabong panlinis/ tinimplang pangdisimpekta (disinfectant solution) o mga pangdisimpektang pamunas (disinfectant wipes) (hindi mga pamunas ng sanggol o baby wipes).
- Panatilihin ang disinfectant solutions sa angkop na lakas at gamitin alinsunod sa mga tagubilin ng nagmanupaktura.

- Tiyakin na ang mga suplay para sa mas ligtas na seks, tulad ng mga kondom at lube, ay nasa pang-isahang-gamit na sachet o tiyakin na ang mga lubricant tube at pump bottle ay nalinis at dinisimpekta pagkatapos ng bawat kliyente.
- Tiyakin na may sapat na suplay ng kagamitan para sa pansariling proteksyon (personal protective equipment) tulad ng kondom, lubricant, dental dam, ispongcha at guwantes na ibinibigay sa mga manggagawa nang walang bayad.
- Alisin ang mga aklat, magasin, polyeto at mga handheld digital device na para sa lahat sa mga lugar-hintayan.
- Kailangang hugasan ng mga manggagawa ang kanilang kamay gamit ang sabon at tubig bago sila magsuot ng guwantes para maglinis at pagkatapos ay hugasan muli ang kanilang mga kamay pagkatanggal ng guwantes.
- Hikayatin ang mga opsyon sa pagbabayad na walang pisikal na ugnayan (contactless), ngunit kung direktang humahawak ng cash, gumamit ng isahang-gamit na guwantes para tumanggap at magbilang ng cash.

## MGA KAHINGIAN

### *Pagtatabi ng rekord*

- Magtabi ng rekord ng pangalan at numero ng mobile o email address para sa lahat ng manggagawa at kliyente kasama ang petsa at oras ng serbisyo nang hindi bababa sa 28 araw. Tiyakin na ang mga rekord ay ginagamit lamang para sa mga layunin ng pagsubaybay sa mga impeksyon ng COVID-19 at naka-imbak nang pribado at ligtas.
- Ipaalam sa iyong mga manggagawa ang COVIDSafe app at ang mga pakinabang nito para suportahan ang contact tracing kung kinakailangan.
- Makipagtulungan sa ACT Health Directorate kung kinontak kaugnay ng isang positibong kaso ng COVID-19 sa iyong pinagtatrabahuhan at ipagbigay-alam ito sa WorkSafe ACT sa 02 6207 3000.

## KAPAKI-PAKINABANG NA SANGGUNIAN

1. “Red Book” ng Scarlet Alliance (Samahan ng mga Mangagawa sa Seks sa Australya) ukol sa mga estratehiya upang mabawasan ang pinsala ng COVID-19:  
<https://redbook.scarletalliance.org.au/covid-19/>
2. Paano magtanggal ng guwantes:  
<https://kab.org/wp-content/uploads/2020/04/poster-how-to-remove-gloves-scaled.jpg>